IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI



**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Monday 19 May 2003 (morning)
Lundi 19 mai 2003 (matin)
Lunes 19 de mayo de 2003 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d’y être autorisé.
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A soit la section B. Écrire un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1** (a)

### Narra

Tumutubo ang narra sa lahat halos ng panig ng Pilipinas. Hindi mahirap at lalong hindi delikado ang pagtatanim nito. Ang kailangan nito ay matabang lupa, sikat ng araw at pagdidilig dito habang pinalalaki.

Kailangang itanim ito sa malawak na lugar dahil malapad ang katawan nito at malabay ang mga sanga. Minsan ay dilaw at minsan luntian ang mga dahon nito. Pula at hindi puti ang dagta nito na nagdadagdag ng pang-akit.

Madalas na itinatanim ito sa mga parke. Tahanan ito ng mga ibon na nagbibigay ng magandang musika sa paligid. Sa mga pook pasyalan na may narra ay sarap na sarap ang mga tao sa pamamahinga, pagri-relax at pagkukuwentuhan. Nagiging palatandaan din ito ng lugar at nagiging saksi at bahagi ng mga makasaysayang pangyayari sa bayan. Kung nakahanay naman sa kalsada, tulad ito ng mga sundalong taliba ng bayan.

Ang puno ng narra'y buhay na simbolo ng kagitingan. Mandi'y inspirasyon ito ng mga ninunong nagpakasakit at nag-alay ng buhay para sa kalayaan. Ang matigas na katawan nito ay tulad sa tatag ng loob ng ating mga bayani na nakipaglaban sa mga conquistador, imperyalista, diktador, masasamang pinuno at sa kahirapan ng buhay. Tulad din ito ng matigas na paninindigan ng mga taong naniniwalang sila ay nasa katwiran. Inilalaban nila ang kanilang karapatan anuman ang hadlang.

Ang matayog at tuwid na katawan ng narra at ang tila nakadipang mga sanga ay waring nagbabadya ng paghahangad na maabot ang kanilang mga banal na mithiin sa buhay. Katulad ito ng hangarin ng ating sambayanan na sa gabay ng Panginoon, pilit nilang aabutin ang katuparan ng mga pangarap.

Artikulo ni Ligaya Tiamson Rubin, *Liwayway Magazine* (2002)

**Teksto 1** (b)

**Pari**

Di ba't magsasaka ka rin
Sa santwaryo ng araw-araw na pagtatanim
Ng misteryo ng palay na salita?
Pagdaka'y susundan mo ang araro ng bokasyon
Na gugurlis sa mga bukirin na parokya
Sa tatag at tiyaga ng kalabaw na teolohiya
Basbasan mo ng bendita ang binhing ebanghelyo
At uusbong ang punla ng liturhiya
Sa pagbubunot at pagtatanim ng homilya
Na sa pagpupuri ng mayabong na dahon
Sabugan mo ng patabang pahalaga
Hilingin mo ang patubig sa irigasyon ng handog
Paalisin mo ang uod at insekto ng salungat
Pulutin mo ang kuhol ng bulyaw
Itaboy mo ang maya ng daya
Pagmasdan mo ang malagong uhay ng pangaral
Na ngayo'y aanihin ninyo upang ialay
Sa altar ng ginhawa at pagsaluhan
Sa piging ng banal na misa.

Tula ni Ariel Tabag, *UP National Writers Workshop* (2002)

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 2** (a)

### Pagtatapat

"Isa kang co-dependent at maysakit din"

Gitla, hindi ko matanggap ito. Hindi ko kailan man naintindihan ang ibig sabihin nito hanggang sa ipinaliwanag ng counselor sa akin.

Kinailangan ko ang matinding lakas ng loob upang maisulat ko ang kuwentong ito at ipagtapat ang buhay ko. Sinasabi ng aking konsensiya na may higit pang pangangailangan upang matulungan ang mga pamilyang nabubuhay na may kasamang isang addict. May karapatan din silang lumigaya at tamasahin ang kasiyahang dulot ng buhay.

Labingsiyam na taon na akong may asawa, na 14 nito ay pagsusumikap na mapanatili ang pamilya at iligtas ang aming buhay at kinabukasan. Ang may 45 edad na mister ko ay isang chemical dependent sa loob ng 25 mahahabang taon at hindi ko alam kung ano ang aking gagawin. Nasusuklam sa mga tao sa aking paligid, nangangamba sa pinsalang idudulot ng pagkasugapa ng asawa ko sa aking mga anak na may edad na 2, 3 at pito sa panahong iyon. Alam ko na kahit unti-unti, tiyak na sinisira na ng droga at alkohol ang ano mang pangarap ng isang magandang kinabukasan.

Salamat sa Diyos! Ginawa niya akong matino sa kabuuan ng pakikibakang ito. Nag-imbestiga at nagsaliksik ako sa pinakamabuting pagamutan para sa aking asawa.

Naghanap ako ng lugar na makagagawa nito nang walang mga panghihiyang panlipunan. Isang mapag-arugang kapaligirang maaaring magsimula ang aking mister sa kanyang pagbabagong buhay.

Nang matagpuan ko ang The New Beginnings Foundation, iyon ang unang hakbang upang mapagtagumpayan ang aming pakikibaka sa addiction.

Ang co-dependent ay maaaring isa sa sirkulo ng pamilya ng maysakit. Sila ang mga asawa, mga kapatid, mga magulang, at kapwa empleyado, malalapit na kaibigan at kamag-anak na nakapaligid sa pasyente sa pang-araw-araw niyang buhay.

Dahil sa relasyong napakalapit sa maysakit, ang co-dependent ay may tendensiyang magdebelop ng kaparehong asal ng nakadepende sa droga.

Ngunit iyon ang tanging daan para mailigtas ko ang aking asawa.

Liham ni Anonymous, *Liwayway Magazine* (2002)

**Teksto 2** (b)

## Pagkukunwari

Huwag hayaang ang pagkukunwari'y sa inyong pagkatao ibalabal.
Ito'y gawain lamang ng mga hangal.
Ang mga mapagkunwari'y mapanganib, may mga lihim na ibig pagtakpan,
At malamang kaysa hindi, hindi marunong humarap sa katotohanan.
Dangan nga't ang taong di marunong umako ng kanyang pagkakasala,
Kailanma'y hindi rin niya makakamtan ang kaligtasan.
Ang tao'y hindi magiging malakas kung ayaw akuin ang kanyang mga karupukan,
At habang marupok ang tao, sa haplit ng pagsubok ay malulugmok na lamang.
Ang taong marunong magkunwari, kailan man sa sarili'y hindi tapat,
Kaya't huwag siyang pansinin pagkat sa pagtitiwala'y di siya karapat-dapat;
Pagkat kung ang tao, sa kanyang sarili mismo'y kulang sa katapatan,
Paano niya aasahang pagkakatiwalaan ng sino man, maging kasambahay o kaibigan?
Gayundin, kapag mapagkunwari ang tao'y tiyak na may di magandang layunin,
May maitim na balak na sa dibdib ay inaalagaa't lihim na kinikimkim;
Mag-ingat sa ganitong nilikha, kawangis nila ang hayop na makamandag,
Nagbabalatkayong maamo, ngunit pagkatalikod ay agad nang kakagat.
Aligatain ang aral tungkol sa nangyari sa paniki sa isang kuwentong bayan;
Sa isang panahon daw, ang mga hayop at mga ibon ay nagkaroon ng alitan,
At ang alitang iyon ay lumala, hanggang sa naging isang madugong digmaan;
Niyaya ng mga hayop na kumampi ito sa kanila ngunit ang sinabi:
"Bakit ako sasama sa inyo? Hindi ba ninyo nakikitang ako'y paniki?"
"Mayroon akong mga pakpak, kaya ako ay isang ibon!"
Sa isang pagkakataon, niyakag din si Paniki na sa mga ibon tutulong.
Ngunit ang katwiran nito: "Bulag ba kayo? May ngipin ako, hindi ba?
Ako'y hayop at hindi ibon, kaya sa inyo ay hindi ako maaaring sumama!"
Kaya't maging tapat sa sarili, manatiling kayo ang kayo:
Hindi dapat magkunwari, walang mapapala sa pagbabalatkayo;
Kung baga sa rosas, anumang gawing panggagaya sa angking sanghaya
Ang bango pa rin niya ang tunay at dalisay, walang hihigit pa.

Tula ni Reynaldo A. Duque, *Dagli* (2002)